Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

nasa loob

EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5



# SP pinarangalan si Gob. Tallado bilang kauna-unahang gobernador ng Camarines Norte na naluklok bilang RPOC Chairman

Sa bisa ng Resolusyon Blg. 022-2011, ipinahayag ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang kasiyahan at karangalang nadama nito para kay Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na tinanghal na *regional chairman* ng *Regional Peace and Order Council (RPOC)* sa Rehiyon 5. Nakapaloob din sa resolusyon ang pagkilala ng Sanggunian sa pagbibigay kay Gob. Tallado ng *19-gun salute/ parade and review* ng *9th Infantry Division (9 ID), Camp Elias Angeles*, Brgy. Tinangis, Pili, Camarines Sur sa isa sa mga *military activities* na isinagawa nito.

Ang nasabing resolusyon na iniakda ni Bokal Ligaya Lo-Pedron ay naaprobahan sa mosyon ni Bokal Ruth F. Herrera, at pinangalawahan nina Bokal Rodolfo V. Gache at Bokal Romeo R. Marmol.

Gumawa si Gob. Tallado ng malaking pagkakaiba nang iluklok siya sa posisyon bilang *chairman* ng *RPOC* ng 5 pang gobernador sa Rehiyong Bikol, isang posisyon na hinahangad ng karamihan ngunit ibinibigay lamang sa isang indibidwal na kanilang pinagkakatiwalaan at pinananaligan.

Hindi rin maikakaila ang katotohanan na si Gob. Tallado lamang ang maaaring umangkin ng karangalan bilang kauna-unahang gobernador ng Probinsya ng Camarines Norte na pinangalanan at iniluklok sa nasabing puwesto ng mayorya ng iba pang gobernador dito sa Bikol.

Matatandaan na bilang pagkilala sa kanyang posisyon, si Gob. Tallado ay tumanggap ng *full military honors* mula sa *9 ID* noong Disyembre 4, 2010. Katulad ng iba pang halal na

*(Sundan sa pahina 7)*






*Ang Regional Peace and Order Council Meeting na ginanap sa Camp Elias Angeles, Pili, Cam. Sur na dinaluhan ng opisyales mula sa iba't-ibang lalawigan sa Rehiyong Bikol ay pinangasiwaan ni Gobernador Egay A. Tallado bilang chairman ng RPOC.*

# Gob. Tallado inako ang direktang kontrol at pamamahala sa CNPH para sa mas mahusay na serbisyo-medikal sa publiko





*Si Gobernador Egay A. Tallado habang nakikipagpulong sa mga doktor, opisyal at kawani ng Provincial Health Office-Camarines Norte Provincial Hospital (PHO-CNPH).*

Inako na ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang direktang kontrol at pamamahala sa lahat ng *managerial* at *operational aspects* ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* sa bisa ng *Memorandum No.* 110112-03 na ipinalabas niya noong Enero 12, 2011 alinsunod sa *Section 465, B (1), par. X, 2* at *4* ng *Republic Act 7160 (Local Government Code of 1991).*

Ginawa ito ng gobernador sa layuning maresolba ang patuloy na reklamo tungkol sa alegasyon ng kawalang aksyon, kakulangan at kapabayaan ng mga kawani ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* sa kanilang tungkulin, at para masiguro ang pinakamahusay at de-kalidad na serbisyo-medikal sa publiko.

Nakapaloob sa *memorandum* ang kaatasan sa lahat ng hepe ng departmento nito na mahigpit na sumunod sa *"forty-hour-work-week rule"* at iba pang kahalintulad na *Civil Service Rules and Regula-*

*(Sundan sa pahina 2)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

## Gob. Tallado inako...

*(Mula sa pahina 1)*

*tions*. Lahat din ng kinauukulang doktor nito ay kinakailangang humingi muna ng *written authority* mula sa Gobernador ukol sa limitadong pampribadong pagpraktis ng kanilang propesyong medikal.

Gayundin, ang lahat na hepe ng departamento at *section chiefs sa CNPH* ay inuutusan na mahigpit na subaybayan ang pagtugon sa tungkulin ng lahat ng kanilang nasasakupang empleyado, at tuwing ika-15 araw ay magbigay ng ulat ng kanilang mga nagawa *(accomplishment report)* sa Tanggapan ng Gobernador. Kailangang isama sa ulat ang lahat ng aksyon na ginawa ng kinauukulang departamento ukol sa mga problemang kinakaharap ng ospital, gayundin ang anumang plano ó rekomendasyon na kailangang agarang aksyunan ng Tanggapan ng Gobernador.

Upang matiyak na mahusay na maisasakatuparan ang misyon at bisyon ng *CNPH*, lahat ng *section chiefs* nito ay inaatasan na agarang magsumite ng kani-kanilang ulat sa Tanggapan ng Gobernador ukol sa lahat ng bagay na nakaaapekto sa maayos na operasyon ng *CNPH* kasama ang kanilang mga obserbasyon, puna at rekomendasyon at ng iba pang *concerned employee/s*. Kinakailangang bigyan nila ng kopya ng nasabing ulat ang mga *concerned department heads* at ang *Provincial Health Officer*.

Bilang karagdagan, ang lahat na reklamo ó hinaing ay dapat na opis-yal at direktang iparating sa, at walang opisyal na aksyon, na ipinapakahulugang para, at sa *CNPH*, ang aaksyunan ng sinuman na walang paunang pahintulot mula sa Gobernador. ***LT IBASCO***

# Bayan ng Daet Outstanding Municipal Nutrition Program Implementors 2010

Nakuha ng Bayan ng Daet ang unang puwesto bilang *Outstanding Municipal Nutrition Program Implementor* para sa taong 2009 na nakaipon ng kabuuang puntos na 85.89%. Naging mahigpit naman ang labanan para sa ikalawa at ikatlong puwesto kung saan ang Basud ay nakakuha ng 80.71% ó lamang na 0.44% kontra sa Labo na mayroong 80.27%.

Ang pagpili sa mga pinakatatanging nakapagpatupad ng mga programang pangnutrisyon ay pinangasiwaan ng *Provincial Nutrition Evaluation Team (PNET)* sa pamumuno ni *Provincial Nutrition Action Officer* Mercedes M. Juan katulong ang mga kinatawan mula sa *Provincial Health Office (PHO)*, *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*, *Department of Interior and Local Government (DILG)*, *Department of Education (DepEd)*, at iba pang kinauukulang pamahalaang lokal at pambansang ahensya.

Taun-taong isinasagawa ang *Provincial Evaluation and Monitoring of Local Nutrition Implementation* sa hangaring mataya *(assess)* ang mahusay na implementasyon ng mga plano sa lokal na lebel. Ito ay nakikita sa mga *outreach activities* na isinagawa kaugnay ng *local nutrition action plan*, pondong ginastos kasama na ang pangangasiwa at suportang ibinigay ng *local government unit (LGU)*. Layunin din nito na masukat ang pagbabago sa antas ng timbang ng mga *pre-school* at *school children* sa panahon ng taon ng ebalwasyon *(evaluation year)* at unang tatlong (3) nakalipas na taon. Hangarin din nito na malaman kung gaano kalawak ang *local nutrition program*.

Para naman sa *Outstanding Barangay Nutrition Program Implementors*, nanguna ang Brgy. Magang, Daet na may iskor na 99.5% na sinundan ng Brgy. II, Daet na nakakuha ng 97.55%. Naiuwi naman ng Brgy. Tulay na Lupa, Labo ang ikatlong puwesto sa iskor na 96%. Ang pang-apat at panlimang puwesto ay naiuwi ng Brgy. Kanluran, San Vicente, at Brgy. Rizal, Sta. Elena, na nakakuha ng puntos na 90%, at 89.95%, ayon sa pagkakasunod.

Samantala, ang mga nanalo naman bilang *Outstanding Barangay Nutrition Scholar* ay ang mga sumusunod: unang puwesto - Elisa F. Altamarino, Brgy. San Felipe, Basud, 91%; ikalawang puwesto – Imelda A. Ebona, Brgy. Matnog, Basud, 89%; ikatlong puwesto – Ronelia B. Lopez, Brgy. Fundado, Labo – 86.75%; ika-apat na puwesto – Sanita P. Yanto – Brgy. Poblacion 2, Basud, 86.5%, at; ikalimang puwesto – Jocelyn P. Borja, Brgy. Singi, Vinzons, 85%.

Ang lahat ng mga nanalo sa tatlong nabanggit na kategorya ng nasabing taunang patimpalak ay pinagkalooban naman ng mga kaukulang *certificates of recognition* at gantimpalang salapi.

Upang maiangat ang antas ng nutrisyon sa lalawigan, ang Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ay ipagpapatuloy ang taunang pagmo-*monitor* at pagtataya sa mga *municipal* at *barangay program implementers* sa *nutrition program* sa pamamagitan ng *Provincial Nutrition Committee (PNC)*. ***LT IBASCO/ olivia_rañada***

# Commissioner dela Cruz ng CHR bumisita sa CNPJ;
## Gob. Tallado, OIC PW Pajarillo pinuri dahil sa makataong pagtrato sa mga detenido



**Pangalawa mula sa kaliwa si Dr. Renante Basas, APW Rey Pajarillo, CHR Commissioner Norberto dela Cruz, Atty. Brenda Canapi, Atty. Arlene Alangco, SPC. INV., Noralyn Abilang, SPC. INV.**

Sorpresang dumalaw kamakailan sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* ang Komisyon ng Karapatang Pantao *(Commission on Human Rights* ó *CHR)* sa pangunguna ni *Commissioner* Norberto Dela Cruz. Kasama niyang bumisita sa panlalawigang piitan sina Dr. Renante Basas, Atty. Brenda Canapi, Atty. Arlene Alangco, Special Inv. Noralyn Abilang, Spc. Inv. Adrian Santy, Donnah Federico, Erwin Punzalan, at Gil Yarra.

Layunin ng grupo na makita ang aktwal na kalagayan ng mga detenido sa CNPJ gaya ng kanilang aspetong pampisikal, emosyonal, moral at isipiritwal man. Inalam din nila ang antas ng serbisyo medikal, ligal at penal ng mga nakadetine sa nasabing panlalawigang piitan.

Ang isa pa sa mga mahahalagang dahilan ng kanilang pagdalaw sa *CNPJ* ay ang pagsusuri sa estado ng mga kaso ng mga preso na dapat binibigyan ng agarang desisyon ó hatol at hindi na dapat paabutin nang matagal na panahon. Inalam din nila kung may mga detenido na nakakulong pa rin na lampas na sa itinakdang kaparusahan ng batas. Nais nilang iwasan ang mga sitwasyon na dahil sa tagal ng pagdinig sa kaso, ang detenido ay nakulong nang lampas sa panahong itinatakda ng nilabag na batas.

Samantala, sa pamamagitan ng isang *open forum*, nakipagtalakayan si *Com.* dela Cruz sa mga detenido. Ang grupo rin ni *Comm.* dela Cruz ay nagbigay ng libreng konsultasyon sa mga kaso ng ilang detenido sa *CNPJ*.

Ipinahayag din ng komisyoner ang kanyang katuwaan at papuri sa pamunuan ng *CNPJ* na pinananatili ang kalinisan at kaayusan ng pasilidad para sa mga detenido na kabaligtaran aniya sa ilang pampamahalaang kulungan sa ibang panig ng bansa na kanyang binisita.

Malugod na ipinaabot ni *Comm.* Dela Cruz ang pasasalamat nito kay Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa pagtataguyod sa karapatang pantao ng mga detenido. Pinasalamatan din niya si *OIC Asst. Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo na patuloy na nagpupunyagi upang mabigyan ng maayos na pasilidad ang mga preso, at matamasa nila ang kanilang mga karapatang pantao.

Kaugnay nito, hinikayat ni *Com.* dela Cruz ang mga detenido na makipagtulungan sa pagpapatupad sa mga inisyatibo ng pamunuan ng *CNPJ* bilang pasasalamat sa maayos na kalagayan nila sa panlalawigang piitan.

Sa kabuuan, naging matagumpay ang pagbisita ng *CHR* sa *CNPJ* na naghatid sa mga detenido ng panibagong pag-asa na mabibigyan sila ng pantay na karapatan at katarungan gayundin ng maliwanag na kinabukasan sa kanilang pagbabagong-buhay sa sandaling sila ay lumaya. ***ARIES N. BALBAS/lt ibasco***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com


*AGRI-kaalaman*

# Ang KAMOTE: Isa sa pinakamasustansyang pagkain sa mundo

Ang kamote ay nanggaling sa *Central America* at dinala ni Christopher Columbus sa bansang Europa at ipinakilala sa Pilipinas ng mga Espanyol noong ika-16 daang taon. Sa mga Espanyol, ang *camote* ang kanilang katawagan sa *sweet potato*, *boniato* naman sa mga taga-*Caribbean* at *kamaru* sa *New Zealand*.

Ang laman ng kamote ay maaaring kulay puti, dilaw, lila, pula, abuhin, kulay kahel *(orange)* samantalang ang balat nito ay maaaring dilaw, pula, kahel ó kaya'y *brown*.

Ang kamote ay nagtataglay ng *carbohydrates* na nagbibigay sa atin ng enerhiya/lakas. Mayroon itong mataas na *dietary fiber* at mababang *fat content*. Ang higit na makulay na kamote ay mas maraming *anthocyanins* at *carotenoids* tulad ng *lutein* at *beta carotene* na siyang *antioxidants* na tumutulong para magkaroon tayo ng malinaw na paningin at mapabagal ang agarang pagtanda. Mayroon din itong bitamina *A*, *B2*, *B6*, *C* at *E* gayundin ng mga mineral tulad ng *manganese*, *copper*, *potassium*, at *iron*. Nakatutulong din ang kamote upang ma-*detoxify* ang ating *digestive system*.



Sa bansang *Haiti* kung saan ang kamote ang siyang pangunahing pagkain, ang kulay kahel *(orange)* na uri ng kamote ay mayaman sa *beta carotene* na siyang nakatutulong sa suliranin sa malnutrisyon at nagbibigay ng karagdagang pagkakakitaan ng mga magsasaka na nagtatanim nito.

Kumpara sa patatas at ube, ang dahon ng kamote ay maaaring kainin. Ito ay nagtataglay ng *antioxidants*, bitamina, mineral at *dietary fiber*. Ang kamote ay tanyag din sa Asya at *Africa*.

Ang kamote ay maaaring lutuin na nilaga, hinurno *(baked)* o prito. Ito rin ay maaaring gawing de-lata, tuyuin upang gawing arina, *cereal*, pansit, *pie*, biskwit, *cake* ó panghimagas *( dessert)*. Ang mga lutuin mula sa kamote ay paborito rin ng mga Hapones, *Taiwanese*, *Indonesians*, *Vietnamese* at *Indians*. **MELINDA L. JEREZ** *(Halaw sa Madrid Agribusiness Digest Straight from the Farm ni Rafael D. Guerrero III)*


# WHO at DOH: TB DOTS, kumprehensibong istratehiya kontra paglaganap ng sakit na TB

Ayon sa *World Health Organization (WHO)*, ang Pilipinas ay kabilang sa 22 bansa sa mundo na malaki ang problema sa sakit na *tuberculosis (TB)*. Ang *TB* ang ika-6 na pangunahing dahilan ng pagkakasakit, at pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga Pilipino. Batay sa *2nd National Prevalence Survey* ng 1997, karaniwang tinatamaan ng sakit na *TB* ang mga kabilang sa grupong produktibo na may edad 15-54 na taong gulang.

Dahil sa nakaaalarmang sitwasyong ito, inendorso ng *WHO* at *International Union Against Tuberculosis and Lung Diseases (IUATLD)* ang *Directly-Observed Treatment Short (DOTS) course*. Ang *DOTS* na isang kumprehensibong istratehiya para matukoy at magamot ang mga maysakit na *TB (detect and cure TB patients)* ay may ilang taon na ring ipinatutupad sa iba't-ibang panig ng ating bansa sa ilalim ng *National TB Program (NTP)* ng pamahalaan.

Ang *NTP* ay ipinatutupad sa lahat ng sentrong pangkalusugan at ospital ng pamahalaan para matugunan ang suliranin sa *TB* sa bansa. Layunin nito na matukoy ang aktibong kaso ng *TB* na hindi bababa sa 70%, at magamot ang may 85% bilang ng mga pasyenteng may *TB*. Sa bandang huli, ang pagabot sa mga *target* at pagpapatuloy sa mga inisyatibo ay magreresulta sa pagbaba ng insidente ng *TB* sa iba't-ibang panig ng Pilipinas.

Bilang suporta sa *NTP*, ang *TB DOTS* ay isinusulong ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Provincial Health Office Technical Division (PHO TD)*. Sa katunayan, sa ulat ng *PHO TD* para sa buwan ng Disyembre 2010, nahayag na inimbentaryo nito ang mga gamot at suplay na pang-medikal sa *18 DOTS facilities* sa 12 bayan dito. Umabot naman sa 81 *sputum negative CXR positive TB patients* ang isinailalim sa ebalwasyon sa pamamagitan ng *TB Diagnostic Committee*. Nakipagpulong din ang *PHO TD* sa mga pangulo ng *barangay health workers (BHWs)* ng mga *rural health units (RHUs)* kung saan tinalakay ang *TB* sa hanay ng mga kabataan *(TB in children)*.




Ang mga *RHUs* ng mga bayan ng Daet at Labo ay may tig-3 *DOTS facilities*; 2 sa bayan ng Basud, at tig-iisa naman sa mga bayan ng Capalonga, Mercedes, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena, Talisay at Vinzons ganundin ang *Santissima Trinidad Hospital of Daet* na pampribado. Sa mga nabanggit, ang 6 na akreditado ng *Philippine Health Insurance Corporation (PHIC)* bilang *DOTS facilities* ay ang mga *RHUs* ng Basud, San Vicente, Sta. Elena, Vinzons, at Labo *RHU 1*, 2 at 3.

Ang *DOTS services* ay ibinibigay ng mga *RHUs*, *city health units (CTUs)*, *city health centers* at pampamahalaang ospital sa buong bansa. Sa kasalukuyan, ilang pribadong pagamutan na rin ang nag-aalok ng *DOTS services* sa kanilang mga kliyente.

*(Sundan sa pahina 7)*

# Sa gatas, may magandang bukas

Hindi lingid sa mata ng bawat isa ang kahirapan ng buhay dito sa ating lalawigan at maging saan mang dako ng bansa. Ang kasalatan sa pagkain, damit, edukasyon at hanapbuhay ay nananatili sa buhay ng karamihan sa ating lalawigan.

Kailan kaya mgkakaroon ng magandang bukas, lalo na sa ating magsasaka na itinuturing na-ting tunay na bayani ng bayan? Sila na nagtatanim ngunit halos wala ring makain?

Ang sagot diyan ay produksyon ng GATAS. Kung mapapansin, maunlad ang mga bansang tulad ng *Australia* at *New Zealand* na ang mga magsasaka ay masagana ang takbo ng buhay.

Sa katunayan, sa kanila inaangkat ng bansa ang halos 1.8 bilyong litro ng gatas taun-taon kung saan 86% ay *powdered milk*, at 14% ay sariwang gatas *(fresh milk)*. Ginagawa ito ng bansa upang matugunan ang nutrisyonal na pangangailangan ng ating mga kababayan na ang kumita at pinapayaman ay ang mga magsasaka ng ibang bansa.

Dahil dito, panahon na upang pagtuunan ng pansin ng mga pinuno ng ating bansa lalo na ang pamahalaang panlalawigan, na bigyang-pansin at paglaanan ng sapat na pondo ang *Dairy Development Program*. Sa kasalukuyan, ang ating *Provincial Dairy Farm* na nasa ilalim ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)* ay mayroon lamang 8 ina-hing baka at kalabaw na pinagkukunan ng gatas na nagbibigay bawat araw ng *average* na 4 na litro ng gatas ng baka at kalabaw.



Iba't-Ibang Produkto mula sa Gatas ng Baka at Kalabaw

Kung pagyayamanin ang proyektong ito, matutulungan natin ang mga magsasaka rito na magsimulang magparami ng mga gatas ang baka para magkaroon sila ng karagdagang pagkakakitaan. Sa gayon, madaragdagan ang kanilang kita at maiibsan ang kanilang dinaranas na kahirapan; malulunasan ang suliranin sa malnutrisyon; at magkakaroon ng maraming trabaho at negosyo dahil maraming produkto ang maaaring gawin mula sa gatas.

Inaasahan na sa pamamagitan nito, makikita ng mga kabilang sa industriyang ito ang maginhawa at maaliwalas na bukas na hatid ng GATAS. ***SAMUEL O. VILLAGEN***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# EDITORYAL

## Pagmimina, asenso o perwisyo?

Ang pagmimina ay industriyang malaki ang naiaambag sa pag-asenso ng isang lugar. Kapag tama ang paraan ng pagmimina, ibayong pag-unlad ang dala nito sa pamayanan.

Subalit sang-ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ng mga eksperto, ang pagmimina rin ang isa sa mga pinakadelikadong industriya na sumisira sa kalikasan. Kapag nasira ang kalikasan at naubos ang likas na yaman ng lupa, ang sangkatauhan din ang napipinsala at nakararanas ng pagdurusa.

Sa bayan ng Jose Panganiban, may naiulat na isang korporasyon sa pagmimina na mali-maling pamamaraan ang ginagawa. Sa kabila na ang permisong ibinigay rito ay *small scale mining* ang kanilang gagawin, subali't natuklasang malakihan ang operasyon nito.

Maliban dito, may isang libo at anim na raang (1,600) ektarya ng *watershed area* ang kinakalkal nito at minimina na tahasang isang malinaw na paglabag sa permisong ibinigay sa korporasyon.

Dahilan dito, diumano'y Ipinatigil ni Gob. Egay Tallado ang operasyon ng kompanya. Subali't muling nabuksan ang operasyon ng nasabing korporasyon nang ang isyu ay iniakyat sa hukuman. Bunga nito, walang nagawa ang kagalang-galang na gobernador Tallado.

Malaki ang poblemang ito, subali't bahagi ng problemang ito ay isang lokal na pulitiko na sa kabila ng paulit-ulit na reklamong iniharap ng mga barangay *officials* sa lugar, nananatili siyang bulag, pipi, at bingi sa hinaing ng kanyang mga nasasakupan. Ang masama pa, binabaligtad ang mga istorya at kung sinu-sino ang itinuturong protektor ng ilegal na pagmimina.

Kung patuloy na may mga lokal na opisyal na magbibigay-permiso at proteksyon sa mga kompanyang may iligal na operasyon sa pagmimina, ang epekto nito ay lalatay sa mga mahihirap sa pamamagitan ng mga distrosong maaaring idulot nito sa sambayanang naninirahan sa mga karatigang-lugar. Kailan pa kaya matututo ang ating mga lokal na opisyales sa mga leksyon ng ibang bayan at lalawigang may minahan? Kailan kaya nila masasaisantabi ang kanilang personal na mga interes at sa halip ay tutukan ang interes ng mas nakararami lalong higit ay ang mga mahihirap? Kailan pa kaya nila, uunawain na ang hindi wastong pagmimina ay malaking distroso ang nagagawa sa kalikasan at lalatay sa sangkatauhan? Sana po tayo ay magbago na, at sana ang pagbabago ay hindi pa huli.


BRGY. PAG-ASA, JOSE PANGANIBAN - 5TH PLACE


BRGY. CANAPAWAN, LABO - 4TH PLACE


BRGY. GAHONON, DAET - 3RD PLACE


CAYUCYUCAN, MERCEDES - 2ND PLACE


BRGY. GUINATUNGAN, BASUD - 1ST PLACE

*Ang mga nagwagi sa 2010 Search for Child Friendly Barangay ng Pamahalaang Panlalawigan kung saan nanguna ang Brgy. Guinatungan, Basud na binigyan ni Gob. Egay Tallado ng premyong P60,000.00, at ang iba pang mga barangay ng nagwagi sa 2010 CFB ng tanggapin ang kani-kanilang cash prizes.*

# Brgy. Guinatungan, Basud, tinanghal na 2010 CFB;

## Brgy. 4, Daet, CFB Hall of Famer, iba pang nanalo inilahad

Gagawin kong isandaang libong piso (P100,000.00) ang premyo para sa magiging *Best Child-Friendly Barangay* sa 2011 *Search for Child-Friendly Barangay* ngayong taon".

Ito ang ipinahayag ni Gobernador Edgardo "Egay" A. Tallado sa bahagi ng kanyang mensahe sa ginanap na *awarding ceremony* ng 2010 *Search for Child-Friendly Barangay (CFB)* noong Disyembre 16, 2010 sa *Little Theater*, *Provincial Agro Sports Center*, Daet, Camarines Norte.

Ayon pa kay Gob. Tallado, isa itong istratehiya upang higit pang pag-ibayuhin ng mga opisyal ng barangay ang pagpapatupad at pagsasagawa ng mga proyekto at programa para maisulong ang mga karapatan, at kapakanan ng mga kabataan at kababaihan sa kani-kanilang barangay.

Samantala, ang Barangay Guinatungan, Basud na tinanghal bilang *2010 Best Child-Friendly Barangay* ay tumanggap ng premyong P60,000.00 at plake ng pagkilala *(recognition)*. Pumangalawa rito ang Brgy. Cayucyucan, Mercedes na pinagkalooban ng gantimpalang P40,000.00; pumangatlo ang Brgy. Gahonon, Daet na binigyan ng premyong P30,000.00; pang-apat ang Barangay Canapawan, Labo na tumanggap ng gantimpalang P20,000.00, at panlima ang Brgy. Pag-asa, Jose Panganiban na nanalo ng premyong P10,000.00. Bukod sa gantimpalang salapi, lahat ng nanalo ay binigyan din ng mga kaukulang plake ng pagkilala/ pagpapahalaga *(plaque of recognition)*.

Ang tatlong (3) barangay na sumali sa nasabing patimpalak ngunit hindi naman pinalad na manalo ay pinagkalooban ng katibayan ng pagkilala *(certificate of recognition)* at halagang tig-P5,000.00 dahil sa kanilang naging aktibong partisipasyon sa patimpalak. Ito ay kinabibilangan ng mga barangay ng San Ramon sa bayan ng San Lorenzo Ruiz; Calintaan sa Talisay, at; Barangay 3, Vinzons.

Para sa kategoryang *Hall of Fame*, ang Ba-

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer


***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# Mampurog River

Isa sa mga *best childhood memories* ko ang pagpunta sa Mampurog *River* tuwing araw ng Sabado. Pagkatapos ng halos 20 taon, naisipan kong dalhin naman doon ang aking pamangkin na si David.

Labinlimang minuto lang mula sa Daet ay nakarating na kami roon. Nagulat ako na maganda na ang daan kaya naman pala napakabilis ng aming biyahe.

Pagdating doon, hindi ko na malaman kung saan ako pupunta dahil may iba't ibang *resort* na pala roon. Una muna kaming pumunta sa *Club Noah* kung saan malayo pa lamang ay naririnig na namin ang mga nag-bi-*videoke*. Maganda ang lugar at may *privacy* pa dahil hindi magkakalapit ang mga *cottages* kaya't *perfect* sa mga pamilya at barkadahang inabutan namin doon. Kumanta lang kami nang kaunti habang si David ay di na napigilang maligo. Siyempre, ako naman ay pakyut pa ... kunwari ay nababaduyan sa paliligo sa ilog, kaya't konting tagay at dalawang kanta lang ay nagyaya na akong umuwi.

Habang papauwi, 'di na rin ako nakapagpigil kaya't lumiko pa kami at nagpunta sa lugar na mina-*manage* ng barangay. Pagdating ay bumaba agad kami at nag-unahan na kami sa mga malalakas na agos. Ewan naman at noong araw na iyon ay talagang rumaragasa ang agos ng tubig na kung mahina-hina ang tuhod ay tutumba at baka anurin ka pa. Naisip ko nga, 'kakahiya yatang malunod dahil nadala ng agos; kaya't doon na lamang ako pumunta sa gilid ng ilog.

Habang sila ay umakyat sa bundok at tumalon sa tubig na parang mga *Tarzan*, ako naman ay tahimik na naka-upo sa gitna ng mga bato kung saan *heaven sa pakiramdam* ang pagmasahe ng agos ng tubig sa aking pagod na katawan. Napakaganda ng kulay ng *dark green* na tubig. Tunog pa lang ng agos ay talagang nakaka-relax na, samahan mo pa ng iba't-ibang huni ng mga ibon... saan ka pa?

Maya-maya lang ay napagod na si David sa pagtampisaw at paglangoy sa tubig. Ang kaso, ang tita naman niya ang ayaw nang umahon. Ngayon sino kaya ang tunay na baduy?











*1) Si Exec. Asst. IV Jose G. Boma habang ipinaabot ang mensahe ni Gob. Egay Tallado na kasalukuyang nasa isang opisyal na biyahe; 2) Si G. Arnel P. Plantado habang isinasagawa ang oryentasyon para sa mga kalahok sa 3-araw na pagsasanay, at 3) Si G. Abel C. Icatlo habang nagbibigay ng kanyang mensahe sa naturang aktibidad.*

# Seminar-Workshop on Camarines Norte Folkdances

## itinaguyod ni Gob. Tallado upang higit na mapasigla, mapagyaman ang kulturang tatak-Camarines Norte

Ang pagpapasigla at pagpapaunlad sa mga katutubong sayaw ng Camarines Norte ay isinusulong ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa layuning mapangalagaan at mapanatiling buhay ang mga katutubong sayaw na likas na dito lamang sa lalawigan ng Camarines Norte.

Kaugnay nito, ang *Seminar-Workshop on Camarines Norte Folkdances* ay itinaguyod kamakailan ng Pamahalaang Panlalawigan at Camarines Norte Museo Bulawan sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* at sa pakikipagtulungan sa *Mabini Colleges (MC).* Ito ay ginanap noong Enero 6-8, 2011 sa *Camarines Norte Audio-Visual Room (CN AVR).* Dinaluhan ito ng mga *physical education (PE) teachers* sa lahat ng antas *(all levels)* gayundin ng mga *PE health and music, music, arts, PE and Health majors* at *cultural coordinators.*

Sa programang isinagawa kaugnay nito, nagbigay ng kanikaniyang mensahe sina *Schools Division Superintendent* Arnulfo Balane ng *Department of Education (DepEd)*, Dr. Rainier A. Ibana, *MC executive committee chairman, Museum Curator I/CNIP Officer-Designate* Abel C. Icatlo, at Gobernador Tallado. Ang *orientation* ay pinangasiwaan ni Mr. Arnel P. Plantado, *researcher* habang ang *closing remarks* ay ibinigay naman ni Dr. Benjamin Teofilo Nebres III ng *Bicol University (BU).*

Ang nasabing 3-araw na pagsasanay ay tinampukan ng pagtalakay sa *fundamental positions of the feet and arms.* Ito ay sinundan ng *workshop* ukol sa sumusunod na mga katutubong sayaw ng Camarines Norte gaya ng *Jota Camarines, Pabirik, Bulakenya, Esperanza de San Vicente, Ang Maya, Pantomina de Camarines, Española, Vivahan, Lazo del Palo, Dait-Dait, Pinuhag,* at *Sunduan.* Ang mga kalahok ay nagpangkat-pangkat, nagbahagi ng kani-kanilang ideya kung paano bubuuin at mas mapaganda ang presentasyon ng mga nabanggit na katutubong sayaw ng lalawigan.

Sa huling araw ng aktibidad, idinaos ang *group rehearsals* na sinundan ng *workshop showcase* kung saan ipinakita ng mga kalahok ang kanilang mga nabuong sayaw.

Samantala, ang mga sumusunod ang nagsilbing *researchers* ng mga katutubong sayaw dito sa Camarines Norte: Arnel P. Plantado – *Española, Sunduan* at *Vivahan*; Hermes F. Avellana - *Esperanza de San Vicente, Jota Camarines, Lazo del Palo,* at *Pantomina de Camarines*; Francisca R. Aquino – *Bulakenya, Pabirik,* at *Pinuhag*; Pete Gamboa – *Ang Maya,* at Madrely G. Hemady – *Dait-Dait.*

Ang nabanggit na seminar-palihan ay isinagawa sa layuning mapaunlad ang kaalaman at kasanayan ng mga kalahok ukol sa mga katutubong sayaw ng lalawigan. Layunin din nito na mapangalagaan, mapanatili at mapaunlad ang ating minanang kultura, at muling pasiglahin ang ating mga katutubong sayaw. ***LT IBASCO***



PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# TCMP ipinatutupad sa CNPJ, mga kabutihang dulot nito inihayag

Sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado, ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan ang iba't-ibang programa, proyekto at aktibidad para sa kapakanan ng lahat ng mga mamamayan nito, masama man o mabuti.

Patunay rito ang *Therapeutic Community Modality Program (TCMP)* para sa mga detinedo na kasalukuyang isinasagawa sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* at pinamamahalaan ng *Office of the Govenor-Provincial Custodial and Security Services Division (G.O.-PCSSD)*. Ang *TCMP* ay ipinatutupad na rin sa ilang bilangguan sa bansa.

Ang *TCMP* dito sa Camarines Norte ay itinataguyod ng *Parole and Probation Administration*, pamahalaang panlalawigan, *CNPJ* at ng *Bureau of Corrections*. Layunin ng programa na matulungan ang mga detenido na maituwid ang mga pagkakamaling nagawa nila, at maihanda ang kanilang sarili para sa matuwid na pamumuhay sa kanilang paglaya. Hangarin din ng *TCMP* na mapayabong ang kultura ng pagbabago sa bawat indibidwal at lipunan sa kabuuan. Isang paraan ito para mapalaganap ang kabutihan sa bawat indibidwal na namumuhay sa pamayanang hindi takot magbago at kapwataong may pusong handang magpatawad. Ang *Positive Discipline* ang ginagamit na batayan sa *TC Program* na hindi gumagamit nang marahas na pamamaraan upang maituwid ng mga preso ang kanilang mga pagkakamali.

Kaugnay nito, ang *CNPJ* ay nagsasagawa na ng dalawang yugto ng *TC Modality Program* tuwing mga araw ng Huwebes at Biyernes. Ito ay nilalahukan ng humigit-kumulang sa 100 na *inmates* na patuloy ang pagyabong ng aspektong moral, ispiritwal at gawi *(behavioral).*

Ang unang yugto ng *TCMP* ay tinatawag na *Orientation Phase* na siyang matatag na pundasyon para mahikayat ang mga detenido na patuloy na dumalo at tapusin ang buong programa. Susundan ito ng *Phase II* na tinatawag na *Core Treatment* kung saan ang mga kabilang dito ay magsisilbing mga *big brothers* at *sisters* para sa mga detenidong nasa unang yugto pa lang ng programa. Bilang *support group*, magbibigay sila ng mga payo sa mga detenido na bagong pasok sa programa.

Para sa kaalaman ng mga kinauukulan, ang *TCMP* ay binubuo ng 4 na bahagi: *Behavioral shaping and management; the psychological; emotional and the intellectual; spiritual, and the vocational*; at *survival skills component*. Ang mga naturang paksa ay tinatalakay ng mga tagapagsalita sa paraang madaling mauunawaan, matatandaan at maisasapuso ng mga detenido.

Sa pamamagitan ng *TC Modality Program*, ang mga detenido ay nasasanay sa pagsunod sa mga patakaran, sa wastong asal, tradisyon, at iba pa . Ito ay sa sandaling madiskubre nila ang kanilang kabuluhan sa lipunan at ang kahalagahan ng pakikipagkapwa gayundin ang suporta ng iba, na katulad nila ay nais na mula sa 'maling pamumuhay' ay tunguhin ang 'matuwid na pamumuhay'.

Dahil dito, sino nga ba tayo para humusga na wala ng puwang para sa pagbabago ang kapwa nating nagkasala at napipiit ngayon sa bilangguan? Sana'y buksan natin ang ating mga mata at puso na ang mga bilanggo ay tao rin. Wala man tayo sa loob ng malalamig na rehas ngunit maaaring nakabilanggo tayo sa pusong kasintigas ng bato. Ang mga pagkakataon na wala tayo sa kanilang kalagayan ay dapat nating ipagpasalamat at hindi gawing dahilan upang sambitin natin ang mga katagang: "Preso naman 'yan, bakit kailangan pang tulungan".

Dapat nating tandaan na may puwang para sa pagbabago ang sinuman. Malay natin, baka dumating ang panahon na ang magliligtas pala sa atin mula sa masasamang loob ay isang dating bilanggo na nagbago dahil sa *TC Modality Program*. *"We judge ourselves by what we feel capable of doing; others judge us by what we have done." If we could first know where we are, and where we are tending, we will know that the best thing to be supplied is light, not heat."*

Bilang karagdagan, *ang therapeutic community (TC)*, ay nagsimula sa huling bahagi ng dekada 1950 bilang isang simpleng paraan ng pagresolba sa problema sa *heroin addiction* sa Estados Unidos. Ito ay patuloy na lumago at naging pandaigdigang kilusan sa ilalim ng *World Federation of Therapeutic Communities (WFTC)*. Ito ay may mga miyembro sa 6 *regional federations* sa *North America, Latin America, Europe, Central* at *Eastern Europe, Asya,* at *Australia*.

Ang *TC treatment philosophy* na isang pamamaraan ng pagresolba sa problema sa pagkagumon sa ipinagbabawal na mga gamot *(addiction)* na nag-ugat sa magkakaibang kultura at kalagayang sosyo-ekonomiko ay nagbunga sa pandaigdigang samahan ng mga *TCs* na eksklusibong ini-aagapay sa kani-kanilang lokal na kondisyon o sitwasyon.

Ang *TC*, bilang isang *treatment framework*, ay may malawakang pang-akit dahil ito ay nagmula sa pandaigdigang gawaing pansos-yal at ispiritwal na bahagi ng pamantayang pangkomunidad at huwarang pag-uugali.

Sa katunayan, karamihan sa mga pamamaraan ng *TC* sa pagbabago sa gawi at sikolohikal na aspekto ng tao ay nagbubunga sa pag-unlad ng siko-sosyal *(psycho-social)* na pagkilos ng mga dating adik *(ex-addict)* gayundin ang pagsusulong sa kanilang *"pro-social lifestyle."*

***ARIES N. BALBAS***

# PPFSDC pamumunuan ni Gob. Tallado bilang chairman, Sports-for-all Program ng lalawigan paiigtingin

Sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-07, itinatag kamakailan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *Provincial Physical Fitness and Sports Development Council (PPFSDC)* na pamumunuan niya bilang *chairman*.

Ang *PPFSDC* ay magsisilbing panlalawigang organisasyon at ugnayan na tutulong sa gobernador sa pagpaplano, pagpapaabot ng mga impormasyon, pagpapatupad at pagsubaybay sa *Sports-for-All-Program* na isinusulong ng pamahalaang panlalawigan.

Ang *PPFSDC* ay binuo susog sa Artikulo XIV, Seksyon 19 (1) ng Konstitusyon na nagtatakda sa tungkulin ng estado (pamahalaan) na itaguyod ang *physical education* at pasiglahin ang programang pampalakasan, mga paliga *(league competitions)*, at mga bagong laro/isports kasama na ang pagsasanay para sa mga pandaigdigang kumpetisyon para mapaunlad ang disiplina sa sarili *(self-discipline)*, pagtutulungan ng magkakasama *(teamwork)* at kahusayan tungo sa pagsusulong ng malusog at alistong sambayanan.

Ginamit ding batayan sa pagtatatag ng *PPFSDC* ang Seksyon VII (m) ng R.A. Blg. 6847 na itinatadhana na ang *Philippine Sports Commission (PSC)* ay tungkulin na palakasin, paunlarin at ipagpatuloy ang paglikha at pagtatatag ng *Regional, Provincial, Municipal* at *Barangay* o *School District Sports Promotion and Development Councils.* Ang mga miyembro nito ay bubuuin ng mga kinauukulang opisyal mula sa *Department of Education (DepEd), Department of the Interior and Local Government (DILG)*, pamahalaang lokal at mga kinatawan ng pribadong sektor na siyang magpapasimula, magsasagawa at makikipag-ugnayan para maisulong ang mga gawaing pampalakasan sa kani-kanilang mga nasasakupan.

Kaugnay nito, si *DepEd Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane ang itinalagang *secretary general* ng *PPFSDC* na ang mga miyembro ay kinabibilangan nina: *DILG Provincial Director* Robin M. Mercado; *San Lorenzo Ruiz Mayor Nelson delos Santos-LGU representative*; *Col.* Teodoro Cirilo Turalba, *GSC (AFP Representative)*; *PCI* Edwin C. Adora *(PNP Representative)*; *SK Provincial Federation President* Gladiola L. Villagomez, kasama ang mga *NGO/GO representatives* na kinabibilangan ng maybahay ng gobernador na si Gng. Josefina B. Tallado, Bokal Ligaya Lo-Pedron, *Provincial Legal Officer* Sim O. Mata Jr., at Punong Barangay Diogracias B. Odiver.

Inaasahan na sa pamamagitan ng *PPFDSC* ay makabubuo ng mga plano at istratehiya para maisulong ang *Sports-for-All Program* ng Lalawigan ng Camarines Norte, at makahubog ng mga atleta na may potensyal na makalahok sa mga pambansa at pandaigdigang kumpetisyon man. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# TB DOTS ...

(Mula sa pahina 3)
Ang *Philippine Coalition Against TB (PhilCAT)* ay gumagamit na rin ng *DOTS strategy*.

Kaugnay pa rin nito, sa ulat ng *WHO* ukol sa *TB Epidemic 1997,* lumabas na ang *DOTS* na bukod sa mura na at epektibo pa ay nakagamot sa mga pasyenteng maysakit na *TB* at ang antas ng pagpapagaling nito ay umaabot sa 95% kahit na sa pinakamahihirap na bansa; pinipigilan din nito ang paglaganap ng bagong impeksyon sa mga kabataan at mga may sapat na gulang, at; pinipigil din ng *DOTS* ang paglaban ng sistema ng katawan sa mga gamot kontra-*TB*.

Bilang karagdagan, ang tuberkulosis ay isang nakahahawang sakit na sanhi ng *TB bacteria (mycobacterium tuberculosis)* na pangunahing pumipinsala sa ating mga baga, at tinatawag na *pulmonary tuberculosis (PTB)*. Maliban dito, maaari rin tayong magkaroon ng *TB* sa buto, *meninges*, *joints*, *genito-urinary tract*, *liver*, *kidneys*, *intestines*; at sa puso na tinatawag na *extra-pulmonary tuberculosis*.

Ang *TB* ay nagagamot sa pamamagitan ng kumbinasyon ng 3-4 na gamot kontra sa *TB*. HINDI tayo dapat magreseta ng ISANG GAMOT lamang para sa paggamot sa sakit na *TB* sapagkat maaari itong magpalala sa kondisyon ng pasyente.

Samantala, ang isang tao ay maaaring mahawahan ng *TB* kapag nasinghot niya ang mikrobyo mula sa patak na sumama sa hangin mula sa pag-ubo, pagbahing at pagdura ng pasyenteng may *PTB*. Ang *PTB patient* na ang plema/kalaghala *(sputum)* ay nagpositibo sa mikrobyo/bakterya, kapag hindi nagamot ay maaaring makahawa sa may 10 -20 katao sa loob ng 2 taon.

Mapaghihinalaang may *PTB* ang isang tao na may sintomas ng pag-ubo na lampas sa 2 linggo, lagnat, pananakit ng dibdib at likod, kawalan ng ganang kumain, pagbaba ng timbang at *hemoptysis*. Siya ay kailangang agad magpakonsulta sa doktor at ipasuri ang kanyang lura/plema para matukoy kung positibo o hindi sa *PTB germs/bacteria*. ***LT IBASCO/oliviarañada***

# Brgy. Guinatungan, Basud...

(Mula sa pahina 4)
rangay 4, Daet ang nanguna rito at tumanggap ng kaukulang parangal. Ang Barangay Camambugan ng Daet na sumali rin sa ebalwasyon para sa kahalintulad na kategorya ay pinagkalooban naman ng *special award*. Sila ang mga barangay na nanalo sa tatlong magkakasunod na taon sa regular na *Search for Child Friendly Barangay*.

Binigyan naman ng katibayan ng komendasyon ang *Municipal Council for the Protection of Children (MCPC)* ng bayan ng Daet dahil sa patuloy nitong pagsasagawa ng kahalintulad na *search* taun-taon para sa 25 barangay na nasasakupan nito. Ang mga bayan naman ng Basud, Daet, Jose Panganiban, Mercedes, San Lorenzo Ruiz, Talisay, at Vinzons ay pinagkalooban ng *certificate of recognition* dahil sa kanilang aktibong pagsali at pagsuporta sa patimpalak.

Ang lahat na miyembro ng *Provincial Evaluation Team (PET)* ng *2010 Search for Child-Friendly Barangay* ay binigyan ng *certificate of appreciation* dahil sa patas at pantay-pantay na ebalwasyon nila sa lahat ng mga kalahok, at pagpili sa barangay na pinakamahusay na nakapagpatupad ng iba't-ibang programa at proyektong maka-bata.

Samantala, sa isinagawang programa bago ang *awarding ceremony*, nagbigay ng *welcome address* at *opening remarks* si SP Kgd. Teresita Malubay, *chairman*, *Committee on Women and Family*. Tinalakay naman ni *Arch.* Madonna A. Abular, *PPDC/PTWG chairman* ang estado at mga paghamong kinakaharap *(status and challenges)* ng lalawigan sa pagpapatupad ng *Four (4) gifts for Children* na kinabibilangan ng: *Local Development Plan for Children (LDPC)*, *Local Investment Plan for Children (LIPC)*, *Local Code for Children* at ang *Local State of the Children Report (LSCR)*.

Ang mga ginagawa/antas ng nagawa *(functionality)* ng *Barangay Council for the Protection of Children (BCPC)* ay inilahad ni Ms. Melody E. Relucio, *DILG/ PTWG Member*. Tinalakay naman ni *Asst. PPDC/ PTWG Member* Elena B. Austria ang *Assessment of Child-Friendly Barangay*. Pinangunahan din ni Bokal Malubay ang presentasyon ng *Criteria* at *Selection Process* ng *search*.

Nagbigay naman ng pampasiglang bilang *(intermission number)* ang mga piling mag-aaral mula sa *St. Therese Day Care Center* ng Barangay V, Daet, at *Little Step Day Care Center* ng Barangay Manguisoc, Mercedes. Isinama sila sa programa sa layuning maibigay sa mga kabataan ang kanilang karapatan na makalahok, at malinang ang kanilang kakayahan at talento.

Ito ay sinundan ng paggawad ng mga parangal at papremyo sa mga nanalo. Pinangunahan ito ni Gob. Tallado kasama ang ilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan at *Provincial Search Committee*.

Kaugnay nito, nagbigay ng mensahe ng pasasalamat si Punong Barangay Nelce Lorica Gonzales ng Barangay Guinatungan, Basud kay Gob. Tallado at sa Pamahalaang Panlalawigan dahil sa pagkilala sa kanilang mga nagawa para sa kabataan. Pinasalamatan din niya ang lahat ng naging katuwang niya sa pagpapatupad ng iba't-ibang programa at proyekto sa kanilang barangay. Nangako rin si PB Lorica na mas pag-iibayuhin nila ang kanilang inisyatibo, pagsisikap at sipag para mapanatiling *child-friendly* ang kanilang barangay sa susunod pang mga taon.

Sina Ms. Cynthia dela Cruz ng *PSWDO* at Mr. Marino A. Abogado ng *PHO* na parehong miyembro ng *PTWG member* ang nagsilbing *emcees* sa nabanggit na aktibidad.

Ang nasabing taunang patimpalak ay isinasagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng iba't-ibang ahensiya, pamahalaang lokal, at pribadong sektor. Ito ay bilang suporta sa implementasyon ng *Child-Friendly Movement (CFM)* dito sa Lalawigan ng Camarines Norte kung saan pangunahing katuwang dito ang *United Nations Children's Fund (UNICEF)* kasama ang

# IDAHT suportado...

(Mula sa pahina 8)
*Symposium on Drug Abuse & Human Trafficking* na itinaguyod naman ng *St. Luke Christian Learning Center, Daet*.

Sa loob ng *training and symposium* na isinagawa ng *GPTA* ng *Basud National High School (BNHS)-CN PROFESS*, tinalakay ang *Human Trafficking and Other Laws on Child Protection* na dinaluhan ng *GPTA* mula sa mga bayan ng Basud at Mercedes.

Bilang *PACT Regional Convenor*, si *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas ay nagtungo sa ilang istasyon ng radyo sa bayan ng Daet. Ibinahagi niya sa publiko ang mga impormasyon gayundin ang mga isyu, programa, proyekto at iba pang usapin patungkol sa trapiking *(human trafficking)*. Nanawagan din siya sa mga kinauukulang opisyal na tulungang mabigyan ng hustisya ang mga biktima ng trapiking, lalo na ang mga kabataan.

Nakiisa rin ang *Magsaysay National High School* sa Brgy. Magsaysay, Capalonga sa selebrasyon ng *IDAHT*. Ito ay sa pamamagitan ng pagdaraos ng *Symposium on Human Trafficking and Other Laws on Child Protection* na isinagawa noong Disyembre 10, 2010 sa pangunguna nina *SSP I* Joy Cabrera at ni *TIC* Evelyn T. Riberta.

Itinaguyod din ng *DepEd* ang *Re-Engineering Collaborative PTA and School Partnership towards Quality Education and Symposium on Human Trafficking and Other Laws on Child Protection.* Ito ay isinagawa noong Disyembre 11, 2010 sa *DepEd Conference Hall*.

Ipinamahagi naman ang mga *posters*, pamaypay, *Primer on RA 9208 (The Anti-Trafficking in Persons Act of 2003)*; *posters with guidelines*, at *t-shirts* sa mga aktibong nagsusulong ng mga inisyatibo at kampanya kontra-trapiking.

Ang *IDAHT* ay ipinagdiriwang sa iba't-ibang panig ng mundo tuwing Dis. 12 alinsunod sa *Palermo Protocols* na pinagtibay ng *United Nations* noong taong 2000 sa *Palermo, Italy*. ***LT IBASCO***

# SP pinarangalan...

(Mula sa pahina 1)
opisyal ng pamahalaan, ang gobernador ay nagsagawa ng inspeksyon sa hanay ng nasabing tropang militar kasama si Major General Ruperto Pabustan, *commanding general* ng *9 ID*. Bilang pagpupugay kay Gob. Tallado siya ay binigyan ng *19-gun salute* habang isinasagawa ang *parade and review*.

Maliban sa mga nabanggit, ang gobernador ay ginawaran din ng *plaque of appreciation* ng tropang militar sa pamamagitan ni *Maj. Gen.* Pabustan. Ito ay bilang pagkilala sa kanyang maayos na paguugali at dedikasyon sa serbisyo-publiko. ***LT IBASCO***

# Bagong Ex Officio members...

(Mula sa pahina 8)
SP sa pamamagitan ng *Res. No. 429-10* noong ika-14 ng Disyembre 2010.

Si PB Felix J. Oliva naman ng Capalonga ay kinilala ng SP bilang pansamantalang *Ex-Officio Member* na kakatawan sa LNB samantalang hindi pa nahahalal ang opisyal na Tagapangulo ng Liga. Ito ay sa pamamagitan ng *SP Res. No. 464-10* na may petsang Dis. 28, 2010 na tatayo bilang kahalili ni *Ex- BM* William Carlo O. Avila ng nabanggit na liga.

Si *Coun.* Ricky P. Manarang ng Paracale na nahalal bilang Tagapangulo ng *Provincial Councilor's League (PCL)* ang siyang magiging kinatawan ng naturang liga sa Sangguniang Panlalawigan. Bilang kahalili ni *Ex-Officio BM* Bernadette Asutilla, siya ay kinilala ng Kapulungan sa pamamagitan ng *SP Res. No. 307-10* na may petsang Setyembre 27, 2010.

Bagama't nagkaroon nang usapin sa pagkilala kay PB Oliva bilang pansamantalang Tagapangulo ng *PCL* at pansamantalang *Ex-Officio Member* ng SP, noong ika-13 ng Enero 2011, si PB Oliva ay tuluyang nagwagi sa pamamagitan ng *toss coin* laban sa kanyang katunggali na si PB Jose T. Segundo. Tinatayang sa darating na mga araw siya ay pormal na kikilalanin ng Sanggunian bilang opisyal at regular na *Ex-Officio Member* ng SP na kakatawan sa Liga. ***JOSEPHINE Q. BADONG***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# IDAHT suportado ng iba't-ibang sektor dito kontra trapiking




Aktibong sinuportahan ng mga pampamahalaan at pribadong sektor ang pandaigdigang selebrasyon ng *International Day Against Human Trafficking (IDAHT)* noong Disyembre 12, 2010 na may pangkalahatang tema na: *"Justice and Protection for the Victims of Trafficking"*. Ito ay partikular na sinuportahan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Ang pagdiriwang dito ng *IDAHT* ay tinampukan ng Oras ng Pananalangin *(Hour of Prayer)* at *candle-lighting ceremony* para sa mga biktima ng *child trafficking* na idinaos noong Disyembre 12 sa pangunguna ng *JCI Bulawan*. Ito ay ipinaloob sa okasyon ng Pamaskong Handog sa *Persons with Disabilities (PWDs)* na itinaguyod ng *JCI Bulawan Jaycees* sa pangunguna ng kanilang pangulo na si Gng. Eliza Llovit.

Kinabukasan ng umaga, Disyembre 13, isinagawa naman sa *Department of Education (DepEd) Conference Hall* ang *Symposium on RA 9208 (Anti-Trafficking in Persons Act of 2003)* susog sa temang: *"Justice and Protection for Victims of Child Trafficking"*. Itinaguyod ng JCI *Kabihug Jaycees* ang naturang gawain sa pamumuno ni *JCI Kabihug President* Henry King, Jr.

Idinaos din sa katulad na lugar at araw ang mga patimpalak gaya ng *quiz bee, extemporaneous speaking, slogan* at *essay writing contests* na itinaguyod ng *DepEd* sa pakikipag-ugnayan ni Conrado A. Rempillo, *DepEd Division Supervisor* at *Area III Convenor-PACT Camarines Norte.*

Nagkaroon din ng *Poster-Making Contest* na ginanap naman sa *Alternative Learning System (ALS) Building* na isinakatuparan ng *Kiwanis Club of Reina Daeteña* sa pamamagitan ng kanilang pangulo na si Amelita Yago.

Kaugnay ng mga nabanggit, una nang isinagawa rito ang isang

*(Sundan sa pahina 7)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Bagong Ex Officio members ng SP nanumpa sa tungkulin

Kaugnay ng kauna-unahang *automated national* at *local elections* noong Mayo 14, 2010, na sinundan ng *2010 SK* at *barangay elections* noong Oktubre 25, 2010, ay nagkaroon ng mga bagong halal at itinalagang *ex- officio members* sa Sangguniang Panlalawigan na siyang kakatawan sa Sangguniang Kabataan at Liga ng mga Barangay (LNB).

Si *SK Chairman* Gladiola L. Villagomez ng Labo bilang bagong halal na *SK Provincial Federation President* ang magiging boses ng kabataan sa Sangguniang Panlalawigan kapalit ni *Ex-Board Member* Marc Julius Litana. Si Villagomez ay kinilala ng

*(Sundan sa pahina 7)*




***Si SK Chairman Gladiola L. Villagomez ng Labo ay nagbibigay ng kanyang mensahe bilang bagong halal na SK Provincial Federation President habang nakamasid ang mga Kagawad ng Sangguniang Panlalawigan, mga SP Youth officials, at si Bise Gob. Jonah Pimentel (nakatayo dulong kanan).***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com